

T  
u  
o  
n  
g  
P  
i  
n  
a  
n  
s  
y  
a  
l

<p>Para sa lahat ng residente ※ Makakatanggap ang lahat ng residente sa Japan na nakalista sa Basic Resident Register hanggang April 27.</p>	<p>▶ Special Cash Handout (Tokubetsu Teigaku Kyufukin)</p>	<p>○ Ang bawat isa ay makakatanggap ng 100,000. ※ Ang aplikasyon ay sa pamamagitan ng koreo/postal mail o online ※ Kung ang iyong tirahan ay hiwalay sa head of household dahil sa domestic violence, mangyari lamang makipag-ugnayan sa amin. ※ Kung ikaw ay nakalista sa Basic Resident Register bago ang ika-27 ng Abril, ngunit naalis mula noong Abril 27, maaari ka pa ring makatanggap ng tulong kung nabago ang kategorya ng iyong visa.</p>	<p>○ Toyonaka City Special Cash Handout Call Center (Tokubetsu Teigaku Kyufukin Call Center) TEL : 06-6151-5181 Open : 9:00-17:00 ※ Sarado : Sabado, Linggo at Holidays</p>
<p>Bumaba ang kita. Hindi makabayad ng upa sa bahay.</p>	<p>▶ Tulong para sa Seguridad sa Pabahay (Jukyo Kakuho Kyufukin)</p>	<p>○ Babayaran ng lokal na pamahalaan ang upa sa bahay sa loob ng tatlong (3) buwan. (Ang maximum ay siyam (9) na buwan) ※ Ang tulong na ito ay angkop para sa mga handang magtrabaho.</p>	<p>○ Toyonaka City Livelihood Reconstruction (Seikatsu Saiken) "Personal" TEL : 06-6858-5075 Open : 9:00-17:00 ※ Kailangang magpa-appointment. ※ Sarado: Sabado, Linggo at Holidays</p>
<p>Ang gastos sa pangangalaga sa bata ay naging malaking pasanin.</p>	<p>▶ Espesyal na Pantawid Tulong (Rinji Tokubetsu Kyufukin)</p>	<p>○ Sa mga tumatanggap ng child allowance (Jido Teate), may karagdagang ¥10,000 na benepisyo na matatanggap para sa bawat bata. Hindi na kailangang mag-apply.</p>	<p>○ Toyonaka City Hall Child Rearing Allowance Section (Kosodate Kyufuka) TEL : 06-6858-2329 Open : 9:00-17:15 ※ Sarado: Sabado, Linggo at Holidays</p>
	<p>▶ Espesyal na Benepisyo para sa Pangangalaga ng Bata sa Toyonaka City (Toyonaka Kosodate Setai Seikatsu Shien tokubetsu kyufukin)</p>	<p>○ Ang mga tumatanggap ng child rearing allowance (Jido Fuyo Teate) ay makakatanggap ng karagdagang ¥50,000 bawat pamilya. ○ Ang may child allowance (Jido Teate) ay maaari pa ring makakuha ng benepisyong ito depende sa bilang ng miyembro ng pamilya at antas ng kita. ※ Hindi kailangang mag-apply. Ang benepisyo ay idi-deposito sa inyong bank account sa ika-20 ng Mayo.</p>	
	<p>▶ Tulong para sa mga Apektado ng Pagsasara ng Paaralan (Shogakko Kyugyo Taio Shien Kin)</p>	<p>○ Ito ay para sa mga magulang na nagtatrabaho bilang freelancer at kinakailangang ikansela ang tinanggap na trabaho upang alagaan ang anak dahil sa pagsasara ng paaralan. Maaaring makatanggap ng ¥4,100 bawat araw.</p>	
<p>Hindi makapasok sa trabaho.</p>	<p>▶ Pinansyal na Tulong Kung May Sakit (Shobyō Teate Kin)</p>	<p>○ Maaaring makakuha ng tulong pinansyal mula sa ika-apat na araw o higit pa na hindi nakapasok sa trabaho dahil sa sakit kabilang ang mga araw na dinapuan ng sakit na COVID-19. Samantala, hindi sakop ng benepisyong ito ang mga araw na lumiban sa trabaho dahil sa aksidente.</p>	<p>○ Makipag-ugnayan sa taong namamahala ng health insurance sa inyong kumpanya.</p>
	<p>▶ Leave Allowance (Kyugyo Teate)</p>	<p>○ Kung ikaw ay sinabihan ng iyong employer na pansamantalang huwag pumasok sa trabaho, maaari kang makatanggap ng 60% o higit pa sa iyong karaniwang sahod para sa mga araw na walang pasok.</p>	<p>○ Osaka Labor Standard Department, Inspection Section (Rodo Kijunbu Kantokuka) TEL : 06-6949-6490 Open : 8:30-17:15</p>

Panghihiram ng Pera

Bumaba ang kita. Hirap matugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan.

**Pautang sa Maliit na Halaga** (Kinkyu Koguchi Tokurei Kashitsuke)

○Maaaring humiram ng pera sa halagang ¥100,000. Ito ay babayaran sa loob ng 2 taon nang walang dagdag na interes.  
※ Ang mga may partikular na pangangailangan ay maaaring humiram ng hanggang ¥200,000.

**Pondo para sa Komprehensibong Tulong** (Sogo Shien Shikin Tokurei Kashitsuke)

○Ang pamilya na may dalawang miyembro o higit pa ay maaaring humiram ng ¥200,000 sa isang buwan, samantalang ang one-person household ay maaaring mangutang ng ¥150,000. Ang bawat household ay maaaring humiram nang hanggang tatlong buwan na halaga at bayaran ang nasabing utang sa panahon ng 10 taon nang walang dagdag na interes.

Toyonaka City Council of Social Welfare (Syakaifukushi Kyogikai)

TEL : 06-6848-1313

Open : 9:00-17:15

※Kailangang magpa-appointment.

※Sarado: Sabado, Linggo at Holidays

Pagpapaliwan ng Bayad

Hindi makabayad ng kontribusyon sa health insurance

**Health Insurance**

Consult with Toyonaka City Hall, Insurance Premium Collection Section (Hoken Syu-no-ka)  
TEL : 06-6858-2306

Hindi makabayad ng buwis

**Buwis o tax**

Consult with Toyonaka City Hall, Credit Management Section (Saiken Kanrika)  
TEL : 06-6858-2306

Hindi makabayad ng tubig, kuryente at gas.

**Tubig (Suido)**

Water and Sewage Bureau, Customer Call Center  
TEL : 06-6858-3681 Open : 8:45-17:15

**Kuryente (Denki)**

Kansai Electric Power Co. Call Center Weekdays: 9:00-18:00  
【Para sa Kuryente (Denki Ryokin)】: 0800-777-8810 【Para sa Gas (Gasu Ryokin)】: 0800-777-7109

**Gas (Gasu)**

Osaka Gas Co. TEL : 0120-078-071  
Weekdays: 9:00-19:00 Sunday and Holiday: 9:00-17:00

Hindi makabayad ng loan sa bahay.

**Special Provision of Emergency Small Loans** (Kinkyu Koguchi Tokurei Kashitsuke)

Kumunsulta sa bangko kung saan humiram ng pera  
Maaaring tumawag sa Telephone Counseling of the Financial Services Agency (Kin-yu-cho Sodan Dial). TEL : 0120-156811 Open : 10:00-17:00 ※Sarado : Sabado, Linggo at Holidays

Student

Hindi makabayad ng tuition fee sa paaralan/kolehiyo.

**Tulong Pinansyal para sa mga Estudyante sa Mas Mataas na Edukasyon** (Kotokyoiku Syugaku Shien Seido)

○Ang iyong tuition fee ay maaaring mabawasan o malibre. Maaari ring makatanggap ng allowance.

Japan Student Services Organization (Gakusei Shien Kiko)

TEL : 0570-666-301 ※Sarado: Sabado, Linggo at Holidays

Open : 9:00-20:00

※ Kumunsulta sa mga guro/proesor sa iyong paaralan.

Hirap pa ring makapaghanap-buhay matapos gawin ang lahat.

**Proteksyong Pangkabuhayan** (Seikatsuhogo)

○Kumunsulta upang malaman kung maaaring mabigyan ng tulong at magkano ang posibleng matanggap.

Kumunsulta sa Toyonaka City Welfare Office (Fukushi Jimusyo) TEL : 06-6858-2245

# Para sa mga May-ari ng Negosyo ※ Information as of May 20, 2020

T  
U  
I  
O  
N  
g  
P  
I  
N  
A  
N  
S  
Y  
A  
I

Bumaba ang benta.	<p>▶ Tulong upang Mapanatili ang Negosyo (Jizokuka Kyufukin)</p>	<p>○ Ito ay para sa korporasyon, restawran, tindahan at mga pribadong negosyo na bumaba ang benta ng 50% o higit pa.</p> <p>※ Ang mga korporasyon ay maaaring tumanggap ng hanggang ¥2,000,000. Ang mga pribadong negosyo ay maaaring tumanggap ng hanggang ¥1,000,000.</p>	<p>Consultation Counter for Financial Services and Cash Benefit for Small and Medium Sized Businesses (Chusho Kigyo Kin-yu Kyufukin Soudan Madoguchi) TEL : 0570-783183 Open : 9 : 00 ~ 19 : 00</p>
Bumaba ang benta.	<p>▶ Tulong Pinansyal para sa mga Negosyong Nagsara dahil sa Kahilingan ng Gobernador ng Osaka (Kyugyo Yosei Shien Kin)</p>	<p>○ Ito ay para sa mga negosyong nagsara dahil sa kahilingan ng Osaka Prefectural Government upang malimitahan ang paggamit ng mga pasilidad.</p> <p>※ Sakop nito ang mga negosyo na bumaba ang benta ng halos kalahati o mas mababa mula sa parehong buwan noong nakaraang taon.</p> <p>※ Ang tulong na ito ay isang beses lamang matatanggap. ~ Small and Medium Sized Corporations ¥ 1,000,000 ~ Private Businesses ¥ 500,000</p>	<p>Osaka Prefecture Financial Aid for Business Closure Call Center (Osaka-fu Kyugyoyosei Shienkin Soudan Call Center) TEL : 06-6210-9525</p>
Bumaba ang benta.	<p>▶ Tulong para sa Maliliit na Negosyo sa Toyonaka City (Shokibo Jigyousya Ouenkin)</p>	<p>○ Ito ay para sa mga negosyong may 5 o mas kaunting empleyado, at kung saan ang benta noong Abril ay bumaba ng 50% o higit pa kumpara sa nakaraang taon dahil sa pagbabawas ng business hours o bilang ng customer. Hindi maaaring matanggap ang tulong na ito kung nakakuha na ng <b>Tulong pinansyal para sa mga negosyong nagsara</b> dahil sa kahilingan ng Osaka Prefecture.</p> <p>※ Maaaring makatanggap ng ¥200,000 ※ Ang deadline ng aplikasyon ay sa June 30.</p>	<p>Toyonaka City Industry Promotion Section (Sangyo Shinkoka) TEL : 06-6151-2070</p>
Bumaba ang benta. Hindi pinapasok sa trabaho ang mga empleyado.	<p>▶ Employment Adjustment Subsidy (Koyo Chosei Joseikin)</p>	<p>○ Maaaring makatanggap ng tulong na ito upang mabawi ang ibang halagang ibinayad sa mga empleyado na hindi pinapasok sa trabaho.</p> <p>※ Ang halaga na ibinayad sa empleyado ay maaaring makuha ng buo kung matutugunan ang ilang pamantayan na itinakda.</p>	<p>Osaka Labor Bureau, Subsidy Center (Roudoukyoku Joseikin Center) TEL : 06-7669-8900</p>
Hindi nakapasok sa trabaho ang empleyado para maalagaan ang anak.	<p>▶ School Closure Response Subsidy (Shogakko Kyugyo Taio Joseikin)</p>	<p>○ Ang tulong na ito ay para sa mga negosyong nagbigay ng karagdagang paid leave bukod pa sa taunang paid leave na natatanggap ng mga empleyado dahil kailangang alagaan ang mga anak na hindi makapasok sa paaralan dahil sarado.</p>	<p>School Closure Response Support Benefit and Subsidy Call Center (Gakkoto Kyugyo Joseikin, Shienkin Soudan Call Center) TEL : 0120-60-3999 Open : 9:00-21:00</p>
Bumili ng masks, disinfection solution, o takeout containers.	<p>▶ Toyonaka city Industrial Activity Subsidy (Sangyo Katsudo Joseikin)</p>	<p>○ Ang mga negosyo gaya ng restawran at massage salons na nangangailangan ng pisikal na kontak o malapitang pakikisalamuha sa mga tao ay maaaring makatanggap ng hanggang ¥30,000.</p> <p>※ Ang deadline ng application ay sa July 30.</p>	<p>Toyonaka City Industry Promotion Section (Sangyo Shinkoka) TEL : 06-6151-2070</p>

<p>H u m i r a m n g  P e r a</p>	<p>Gustong mangutang ng pera.</p>	<p>▶ Pautang na walang interes at walang kolateral (Jisshitsu Murishi Mutanpo Yushi)</p>	<p>○Ang korporasyon, tindahan, restawran at mga pribadong negosyo kung saan ang benta ay bumaba ng 5% o higit pa dahil sa COVID-19 ay maaaring mangutang ng pera sa Novel Coronavirus Infection Special Loan Program.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>※ Walang kolateral na kailangan. Wala ring interes.</li> <li>※ Maaaring kunin ang tulong na ito kasama ang Special Interest Provision System.</li> </ul>	<p><b>Japan Finance Corporation</b> (Nihon Seisaku Kin-yu Koko)  <b>【Weekdays】</b>                  ⇒ Business Fund Consultation Dial (Jigyo Shikin Soudan Dial)                  TEL : 0120-154-505  <b>【Sat. Sun. Holidays】</b>                  ⇒ [Microbusiness and Individual Unit (Kokumin Seikatsu Jigyo)]                  TEL : 0120-112476                  ⇒ [Small and Medium Sized Enterprise Unit (Chusho Kigyo Jigyo)]                  TEL : 0120-327790</p>
<p>P a l u g i t</p>	<p>Hindi makabayad ng buwis o tax.</p>	<p>▶ Buwis (Zeikin)</p>	<p>○Ang mga negosyong bumaba ang benta ng 20% o higit pa sa parehong buwan noong nakaraang taon ay maaaring bigyan ng palugit sa pagbabayad ng buwis. Ang buwis sa mga ari-arian ay maaari ring mabawasan.</p>	<p><b>Toyono Tax Office</b> (Zeimusho)                  TEL : 072-751-2441</p>

**Visa Status** ※※ Information as of May 20, 2020. Ang impormasyon nakasulat dito ay maaring magbago  
 ※Kumunsulta sa Immigration Services Agency or Visa specialists upang malaman kung kailangang sumailalim sa pagsusuri

**Immigration Services Agency of Japan**  
**Foreign Residents Information Center** : TEL 0570-013904 Mail : info-tokyo@i.moj.go.jp (Japanese, English)

<p>Ipinanganak ang bata.</p>	<p>▶ Pagpaparehistro ng kapanganakan ng bata (Syusyo Todoke)</p>	<p>○Kung ang bata ay ipinanganak sa pagitan ng January 31 at June 30, 2020, hindi mo kailangang magmadali upang maipasa ang mga dokumento sa Immigration. Ang mga dokumento ay maaaring isumite sa Immigration sa panahong “61 araw plus 3 buwan” matapos ipanganak ang bata.</p>
<p>Working Holiday</p>	<p>▶ Working Holiday</p>	<p>○Kung ikaw ay pumunta sa Japan gamit ang working holiday visa at hindi makauwi sa sariling bansa, maaaring manatili sa Japan at ipagpatuloy ang working holiday.</p>

※Kumunsulta sa Immigration Services Agency or Visa specialists upang malaman kung kailangang sumailalim sa pagsusuri Immigration.

**Immigration Services Agency of Japan**

**Foreign Residents Information Center** : TEL 0570-013904 Mail : info-tokyo@i.moj.go.jp (Japanese, English)

Napaso ang visa.

Pagpapa-renew ng visa

○Kung ang nakasulat na period of stay sa residence card ay magi-expire sa pagitan ng March 1 at July 31, 2020, at kung nais mo pang manatili sa Japan, maaari mong isumite ang mga kinakailangang dokumento sa loob ng 3 buwan matapos mag-expire ang iyong visa.

※ Kung ikaw ay may designated activities visa or departure preparation period, mangyaring pumunta sa Immigration bago mag-expire ang iyong visa.

○Kadalasan, natatanggap ng mga nagbabago ng visa status o nagpapa-renew ng visa ang resulta ng kanilang aplikasyon sa loob ng 2 buwan matapos mag-expire ang kanilang visa. Sa panahon ngayon, ang resulta ng aplikasyon ay inilalabas sa loob ng 3 buwan matapos ang pinapayagang araw ng pananatili sa Japan.

Dayuhang Estudyante

Hindi makauwi sa sariling bansa

○Para sa mga nagtapos na estudyante simula January 1 at hindi makauwi sa sariling bansa, ikaw ay maaaring bigyan ng designated activities visa na valid ng 6 na buwan. Ikaw rin ay pinahihintulutang magtrabaho ng 28 oras bawat linggo.

Technical Intern Trainee

Technical Intern Trainee

○Kung ikaw ay trainee at hindi makakauwi sa iyong bansa, ikaw ay may pahintulot na ituloy ang kasalukuyang training program. Kung hindi naman, ikaw rin ay pinapayagang magtrabaho sa ibang lugar para sa tinatawag na designated activities nang anim na buwan.

○Kung ikaw ay trainee na hindi makauwi sa sariling bansa at ayaw nang magtrabaho, maaari kang bigyan ng designated activities visa.

○Kung ikaw ay trainee na hindi makakakuha ng skills test o nagpaplanong magpalit sa Category 1 (Specified Skilled Worker), maaari mong palitan ang iyong kasalukuyang visa sa designated activities (4 months at maaaring magtrabaho).

Nawalan ka ng trabaho, pinagtrabaho ng kaunting araw o nasisante.

Empleyado

○Ikaw ay nawalan ng trabaho, nasisante, natapos ang kontrata, o nabawasan ang araw at oras ng trabaho, maaari kang manatili sa Japan gamit ang iyong kasalukuyang visa. Kung gusto mong magtrabaho nang mas matagal, maaari kang mag-apply para sa designated activities visa.

Hindi makauwi

Pagpapalit ng visa status

○Maaari kang bigyan ng designated activities visa na valid ng anim na buwan.